

# 1

*The hills are alive with the sound of music!*” malakas na awit ni Maya habang namamasyal sa tuktok ng isang malawak na burol. Manghang-mangha siya sa lugar na iyon. It was very green, very fresh, very serene. Napakaganda! Pakiramdam tuloy niya ay nasa langit na siya.

Pero, teka... *Nasaan na nga ba ako?*

Naalala niyang matagal-tagal na siyang naglalakad at tila ba napadpad na sa malayo. Inilibot niya ang paningin; noon niya napansing hindi na pamilyar sa kanya ang lugar. Nagsimula siyang matakot, lalo na nang biglang nagdilim at bumagsak ang malakas na ulan.

“Oh, no!” Dagli siyang tumalikod at tumakbo pabalik kung saan man siya galing. Pero naging mahirap iyon para sa kanya dahil hindi na niya makita ang landas. “Sige! Takbo!” utos niya sa sarili. Hindi siya tumigil sa pagtakbo hanggang...

Napatili siya. Hindi niya alam na may bangin pala roon.

Halos magkalasug-lasog ang katawan niya. Gawa

iyon ng mga nakausling bato, sanga, ugat, tinik, at kung anu-ano pang tumama sa katawan niya habang dumudulas sa malalim na bangin. Fortunately, nagawa niyang makakapit sa isang makapal na ugat na siyang nagpigil sa tuluyang niyang pagdausdos.

“Diyos ko!” sigaw niya. Hindi rin niya napigilang tumingin sa ibaba at nakita kung gaano pa kalalim ang pagbabagsakan niya sakaling... “Tulong! Tulungan n’yo ako!” Tuluyan na siyang nag-panic. Pinilit niyang makaakyat gamit ang ugat na kinakapitan. Sa pagpa-panic niya ay nahila na nang nahila ang ugat hanggang sa napigtas na nga iyon.

Mas malakas na ang sigaw ni Maya, kasabay ng isang taimtim na dasal.

“Maya!” a booming voice suddenly called. It came with arms that popped out of nowhere, grabbed her by the waist and pulled her inside a small, dark cave.

Kaagad siyang niyakap ng matitipunong bisig na iyon. Instantly, Maya felt warm. Nawala ang kanyang panginginig na dulot ng ginaw at takot.

“Maya...”

She thought the voice was very cold, musical and velvety. And she couldn’t help feeling that she had died and gone into the arms of the...

“Lord? Ikaw na ba ito?” tanong niya sa mamang nakayakap.

“Are you all right?” Hinaplos ng lalaki ang pisngi niya. Pinainit niyon ang buo niyang katawan. Iminulat ni Maya ang mga mata upang masilayan ang lalaking nagligtas sa kanya. Hindi niya masyadong naaninag ang mukha nito. Ngunit nakita niya ang nakangiti nitong mga mata.

Something in the man’s eyes made her feel warm, safe and deeply loved. That was when it became clear to her—she had seen her knight! She was now in his strong arms.

*My knight...* He may not be in a shining armor. Nakasuot ito ng kung anong kulay dark, parang green. Anuman iyon, hindi na mahalaga. She knew the guy had surely swept her off her feet!

“Maya...” bulong muli ng magiting na ginoo bago ito nagtanim ng isang matamis na halik sa nakahandang mga labi niya.

Napabuntong-hininga siya sa init ng halik nito. Sigurado na siya; ang lalaking ito na nga ang pinakahihintay niyang Prince Charming. Madaling dugtungan ang kuwento...

“Maya! Gumising ka na!” Naramdaman niya ang

pagyugyog sa kanya.

Kaagad siyang nagising. Dagli ring naglinaw ang paningin niya at lumitaw sa kanyang harapan ang mukha ni...

“Ate?”

“Gumising ka na nga!” bulyaw ng Ate Mia niya, na mistulang Cinderella’s stepmother ang dating, with all the pink curlers on her hair.

“Ate naman... dahan-dahan. Masakit ang katawan ko,” reklamo niya.

“Masakit-masakit, tanghali na! Bumangon ka na! If you’re not in the dining room in fifteen minutes, Maya, you will not have a Christmas gift from me for the rest of your life!” malinaw na angil nito. Alam ni Maya na kailangan niya iyong sundin.

*Damn! No Christmas gift? Are you kidding me?*

“Yes, Ate.”

---

“Ano ba’ng nangyayari sa ’yo, Maya?” gigil na tanong ni Mia sa gitna ng agahan.

Hindi naman siya madalas pagalitan ng kanyang ate kapag sila ay kumakain. Subalit kaiba nang araw

na iyon.

“You’ve been fired from a job three times this year. And it’s only March! Do you realize that? Nahirapan ka lang kumuha ng taxi, ayaw mo nang pumasok?”

Hindi siya sumagot. She wouldn’t dare. Lalo na at umuusok na ang bibig ng kapatid. Besides, her mind was still on that strong, handsome knight in her dream. *Gosh!*

Naalala niya ang panaginip—ang pagkakaligtas sa kanya ng lalaking iyon mula sa kamatayan, ang matitipunong bisig nito, ang napakagandang boses, ang mga matang nakangiti; at siyempre, the kiss... that very hot, sweet kiss...

“Nakikinig ka ba? Ha, Babae?”

Again, she jumped from her reverie. Napalakas pala ang pagbuntong-hininga niya.

“Tulala ka na naman diyan! You know, that’s the reason why you never finish anything you’ve started. You never focus. You took courses you didn’t finish. You learned musical instruments you never play. You ventured into business and charity projects you didn’t continue. Don’t you see a pattern here, Maya? And your jobs! Why the hell can’t you ever keep a job?”

Oras na para sumagot, naisip ni Maya. Ginawa niyang mahinahon, in fairness. “Ate, that call center job wasn’t for me. Sales ’yun. Alam mo namang hindi ko linya ang selling. And the working hours is taking a toll on my health. Look!” Itinuro niya ang eyebags na sadya namang maiitim.

Ngunit walang epekto iyon sa kapatid. “Sige, sumagot ka pa!” babala nito.

“You know what I don’t understand, Ate? It’s *why* I can’t get a job in a company *I* partly own!”

Exceptional point. Oo nga naman. She and Mia co-owned a big publication firm that published classy style magazines of different themes for different readers of different ages. Isa iyong negosyong itinatag ni Mia mula sa manang naiwan makaraan ang pagkasawi ng mga magulang nila sampung taon na ang nakararaan. Nasa high school pa lamang si Maya noon. At kahit anong pilit niyang mag-apply ng trabaho sa sariling kompanya ay talagang hindi niya ito mapapayag.

“Napag-usapan na natin ito, Maya. You do not have enough experience.”

“Are you kidding me? I have been writing blogs for three years!” pagtatanggol niya sa sarili.

Tumaas ang kilay nito. “Blogs? Who reads blogs?”

“People read blogs! For your information, maraming followers ang mga stories ko. You should read the mails I’m getting.”

Hindi ito impressed. “Alin? ’Yung urban legends mo?”

Ang katarayan ni Mia ay hindi para sa mahihina ang loob. Mapapaaga ang buhay ng mga ito. Mabuti na lang, matatag si Maya.

“What’s wrong with that?” aniya.

“Very amateurish.”

“Sobra ka na!” reklamo niya. Well, so much for being strong-hearted.

“Let me tell you something, Maya,” buwelo ni Maria Adriana Sanchez-Sandoval, professor in Journalism and president/editor-in-chief ng *Le Monde Publications*. “Professional journalism isn’t just about having good writing skills and wild imagination, which I admit, that you very prosperously possess. But it also requires in-depth investigation. You need to go out there and gather solid information.”

“I write fiction.”

“You worship Tom Clancy, di ba? Look at his work. He writes fiction, yes. But he also gives his readers well-researched facts that support his storyline. That makes his characters and stories alive. Parang totoo. And that skill is only developed through constant practice.”

Now, that was one hell of a lecture. Impressive. But...

“Ate, do you realize that you are contradicting yourself?” panimula ni Maya. Her sister may have been the better writer, pero alam niyang mas matinik ang kanyang analytical skills, as proven by her way-above-average IQ. “Paano nga ako magkakaroon ng experience, eh, ayaw mo akong bigyan ng trabaho?” She held up a hand to stop Mia from interrupting. “Don’t tell me I haven’t got what it takes. I’m an excellent writer, you know that. I was your student—”

“Hindi ka graduate.”

“I lack one PE. Damn it!”

Tumahimik si Mia. Iyon lang kasi ang paraan para magawa niyang makinig ito sa kanya.

“I’m a writer, Ate. If you could just give me the chance to prove that to you. If you want to see me give my heart into something, this is it!”



Tahimik pa rin ito. Makaraan ang ilang saglit, nagpakawala ito ng huling banat. “Eh, kung doblehin ko na lang ang allowance mo?”

Maya was always ready with a smile at the hint of ‘money’. Pero sa pagkakataong iyon ay hindi lumabas ang kanyang ngiti.

*Nice try!* “You know, that sounds great. But I’d rather get a meager salary for doing a job.”

Muling tumaas ang kilay ng mataray na kapatid. “Coming from you, that sounds too good to be true.”

“Ate!”

“Okay! Okay! Ang kulit mo!” Naalibadbaran na nga ito. “Sige. I’ll challenge you. Just one time, Maya. Give me a story—with everything I require. Take your time. Kung kailangan mong bumiyaha, sige, I’ll fund your trip. I want you to get out of your little house on the prairie and experience life in the real world. Write about it. Then—”

“Then, you hire me?” she interrupted hopefully.

“Then, we talk.”

“Aw, c’mon!” reklamo niya ulit.

“Hey! You want this job?” hamon nito.

She rolled her eyes in frustration. “Of course!”

“Then, do as I say. Be patient. No time will be wasted here, Maya, I promise you. Just give this one your best, okay?”

In a way, na-realize niyang may kinahihinatnan din pala ang pagiging makulit. Her sister might not be giving her the job just yet. But she was giving her a project that could make her prove herself as a writer.

Sa wakas ay nabigyan na siya ng pagkakataon na patunayan ang sarili. Maya knew that could be difficult. Pero hindi siya natatakot. To be actively involved in the company as a writer was the one thing she had always wanted. Alam niyang sa pagkakataong ito, magtatagumpay siya.

Lumapit siya kay Mia at niyakap ito. May kasama pang halik. “Thanks, Ate. You’re the best,” lambing niya rito.

“I know,” mataray na tugon nito.

“Kahit nagger ka, I love you.”

Nawala ang katarayan nito. “I love you, too. Not so fast, Princess! You’re not off the hook yet.”

Alam na niya ang ibig nitong sabihin: ang kondisyon. *Hay naku!* Muli siyang naupo sa dating

puwesto. “Yes, Ate, I know. If I fail on this, I’ll be at your disposal for the rest of my life. I’ll even marry Jeremy if you tell me to.”

That surprised Mia a bit. “Maya, you don’t have to—”

“It’s a challenge, right?” Iniwanan niya ito ng isang pilyang kindat. She dashed off excitedly to face her do-or-die test.

## 2

Guwapo, matalino, mayaman at ang pinakamahalaga ay matiyagang naghihintay sa matamis niyang ‘oo.’ Iyon si Jeremy, ang masugid na manliligaw ni Maya.

Sa kabila ng pagiging sobrang bait, maginoo at maintindihin ng binata, never talagang nag-appeal ito sa kanya. Surprisingly, sa isang issue na iyon, hinding-hindi siya binubulabog ni Mia. Kawawa si Jeremy kung sakali.

But the man didn’t seem to mind waiting. May sayad siguro ito!

“So, what would you like to have?” tanong ng lalaki mula sa upuang kaharap niya. They were on a dinner date, al fresco, in *Greenbelt*, Maya’s favorite place.

“Hmm... Surprise me?” she replied as charmingly as she could manage. For a change, she allowed the guy to do the gentlemanly task of ordering for them. She decided that she was a nice person, after all.

Ang nagpaakyat ng kilay niya nang ilang pulgada ay ang pag-order ni Jeremy ng...

“Champagne?” tanong niya nang makaalis na ang waiter. “Nagbigay na ba ng bonus si Ate?”

Si Jeremy Johnson ang editor-in-chief ng *The Modern Juan*, ang men’s quarterly magazine ng kanilang kompanya. Their goldmine, as a matter of fact.

“Bonus?” Malagkit ang tingin na isinukli nito sa kanya. “Honestly, Maya, I don’t really need that to have this special moment with you.”

Napakagat-labi siya, hindi dahil charming ang manliligaw. May mga oras kasing nagmumukhang gigolo ito sa kanyang harapan. “Really?”

Lumapit ang mukha ng binata. Hindi tuminag ang tingin nito sa mga mata niya. “Maya... I... uh—”

Tunog ng binuksang bote ng champagne na gumambala sa sinasabi nito.

*Hay, salamat!* Alam na niya ang nais nitong sabihin. Sa totoo lang, ayaw muna sana niyang marinig iyon. It could get in the way of her self-redemption project. At ang pinakahuling bagay na kailangan niya sa mga panahong iyon ay distraction. Dapat niyang mai-divert ang atensyon ni Jeremy. Sa madaling panahon!

“Mmm... ang sarap talaga ng aligue!” Nandiri siya sa pagka-O.A. niya habang nilalapas ang aligue pasta na kanyang paborito.

Ngumiti si Lover Boy. “Careful sa cholesterol.”

Kumibit-balikat siya. “I work out regularly, J. I burn what I take. You should do the same, you know. I have a soccer game with some friends this weekend. Wanna join?”

“Naku! Sa workload na binibigay ng ate mo sa akin? I don’t think I got the time. Besides, golf is my sport. Thanks for the concern,” anito, may kasabay na kindat.

*Uh-oh... heto na naman siya...*

Bahagyang umihip ang malamig na hangin. Tila ba gustong bumagay sa nais mangyari ng lalaki. Sabayan pa ng kanta ng isang pamosong singer na umaawit sa kalapit na resto bar...

Maya wrote romance sometimes, pero talaga namang umay na umay siya sa mala-pulot sa tamis na style ni Jeremy. Malaking kaibahan sa magiting na lalaki sa kanyang panaginip.

Palihim siyang napangiti sa alaalang iyon. Ngunit alam niyang hindi iyon ang tamang panahon para

mag-daydream. Pasimple niyang itinuon ang atensyon sa kanyang paligid. Noon nahagip ng paningin niya ang isang bagay na kakaiba.

“Jeremy, bakit ang daming sundalo?” she asked, referring to the soldiers in camouflages walking in pairs in the park opposite the restaurant.

“Mayroong terrorist threat,” kaagad na turan ng binata.

“Ows? Dito sa siyudad?”

“Yup. That’s why they deployed the Marines. Their presence never fails to discourage the bad guys.”

“They’re Marines?”

That sparked Maya’s interest, all right. Sinundan niya ng tingin ang mga kawal na lumiligid. Pares-pares na naglalakad ang mga ito, sinisigurong payapa ang kapaligiran. Amazing nga naman na nagagawa ng mga Marines iyon by their mere presence!

“Wow, sentinels of peace...” she blurted thoughtfully. “Ano sila? Superheroes?”

Lumabas ang pagiging isang insufferable know-it-all ni Jeremy sa kanyang sinabi. “The thing with Marines is that they’re fanatical.”

“Fanatical? About what?”

“About being Marines. Haven’t you seen the movie, *A Few Good Men*?”

Napanood niya iyon a long time ago. And the one thing she distinctly remembered about it was Kevin Bacon sexily donning a *US Marine* uniform.

“For them, the ideals by which the *Marine Corps* was founded are sacred. For them, it’s god. They live and breathe the *Corps*. That’s what makes them the elite. The Few. The Proud.”

*Grabe!* The guy spoke like Hermione Granger. A walking encyclopedia! Impressed si Maya. May silbi pala ang pagiging nerd ng kanyang manliligaw dahil habang nag-le-lecture ito ay nakabuo siya ng isang konsepto.

The Marines. *Bingo!* How they become the lean, mean fighting machines. And it could only be known by the way they are trained. *Yes!* Training. The key is the training!

*I wonder how Marines are made...* anang excited na diwa niya. Excited nga siya. Tuluy-tuloy na ang daloy ng mga ideya sa kanyang isip. Pero...

“Maya...”



Naputol ng tinig ni Jeremy ang daloy ng isip niya. Mga ilang sandali rin yatang nawala ito sa kasalukuyan. Malayo na ang nalakbay. At ang mga mata ng binata sa harapan niya ang nagpaalalang may isang bagay silang pinag-uusapan.

“Maya...” Huminga ito nang malalim at, “Will you marry me?”

Bahagyang nagdilim ang paningin niya; nahilo at pinagpawisan nang malamig. At hindi iyon dahil sa champagne na iniinom. Mataas ang tolerance niya sa alcohol.

“I... I don’t know what to say...”

“Say you will,” anito.

“Jeremy, we’re not even in a formal relationship yet.” She tried to keep a straight face despite the guilt feeling boiling in her guts. Nasabi niya iyon dahil iyon ang totoo at ang pinaka-sensible na puwedeng sabihin sa sandaling iyon. Ngunit hindi rin niya napigilan ang kaawaan ang lalaki nang makita niya ang biglang pagbagsak ng kumpanya nito.

“Right... yes, well... I thought that since we’ve been dating regularly for the past several years, maybe we could... uh... skip that part.”

Napangiti siya. She thought Jeremy looked cute that way; less nerd-like, a little less stiff and more human. Alam niyang mabuting tao ito at mabuti rin ang hangarin sa kanya. Pero hindi iyon ang nasa isip niya sa mga oras na iyon.

“Jeremy, believe it or not, napag-isipan ko na ito. About us, I mean,” pagtatapat niya.

Nagulat ang binata. “Talaga?”

Totoo iyon. Actually, unti-unti na siyang naaawa sa manliligaw. She had actually begun to consider na sagutin na nga ito. However, that would have been rather unfair for herself if she compromised her dreams for the guy’s happiness.

“But...”

“But?” Pinilit nitong hindi magmukhang masyadong excited o di kaya ay lumabas ang katotohanang frustrated na ito.

Maya thought stalling was the best option. “Binigyan ako ng project ni Ate.”

Tumaas ang isang kilay nito. “Talaga?” tanong nitong may pagdududa. Alam kasi ang issue nila ng kapatid niya.

“I need to be away. Ilang buwan lang.”

“Saan ka pupunta?” May concern ang tono nito.

“Hindi ko pa alam. I’m still building my concept.”

That wasn’t exactly true. She actually now had a crystal clear idea where to go and what to do. Ngunit kailangang itago muna niya ito. May mga ilang rough edges pa kasi ang konsepto niya. Maselan, at kailangan na niyang mapanatag si Jeremy upang makapag-umpisa na.

“Jeremy...” Hinawakan niya ang kamay ng manliligaw. Sumukli ito ng marahang pisil sa kanyang palad. “You know how much this project means to me. I just need this one time to try.”

He gave her a thoughtful look followed by a smile. “You know, Maya, hindi mo naman kailangang hingin sa akin ang opportunity na iyan.”

“I’m sorry that you need to wait a bit longer. It’s just that... Look at me! I’m twenty-three years old and I’m still not an achiever. Palamunin pa rin ng ate ko hanggang ngayon. Ayoko namang forever na lang—”

“Stop it, Maya. You don’t really need to explain. I told you, I understand. Unahin mo muna ang project mo. I’ve waited this long and I guess... a few more months won’t hurt,” anitong may kasamang maliit na ngiti.

Goodness! Sobrang guilty na nga siya. “Thanks, Jeremy. Really.”

“But,” habol nito, “will I get an answer when you get back?”

Muli ay ngumiti siya. “When I get back.”

Malinaw ang kasiyahan sa mukha ng binata sa kanyang sinabi. Nag-isip tuloy siya kung masyado niya itong binigyang ng pag-asa. Ngunit sa kabilang banda, hindi niya dapat bigyang-halaga masyado ang bagay na iyon. The guy himself said it: unahin muna niya ang project niya.

That project would be the one thing that could make or break her future. And at that moment, Maya could see a tiny light blinking at the end of the tunnel.

Kailangan na niyang magsimula kaagad. And her first step: to make a phone call—for a friendly, very powerful support.

---

Handa na ang loob ni Maya. Kailangan na niyang kumilos sa lalong madaling panahon bago pa siya maunahan ng kaduwagan at tuluyang tumalikod. Strike while the iron is hot, wika nga. Kaya walang pag-aatubili niyang inumpisahan ang kanyang

gawain.

Tiyak na matutuwa si Mia kapag nalaman nitong hindi na niya kailangang bumiyahé nang malayo para sa research na iyon. *Fort Bonifacio* would be just a few minutes drive from *Magallanes Village*, anyway.

Maaga siyang dumating doon. Hindi niya dinala ang kotse niya. She wanted to be inconspicuous. May mga ilang sundalong nakatambay sa entrance ng *Philippine Marines Compound*. Nagkukuwentuhan ang mga ito.

Lumapit siya sa mga ito at nagtanong sa isa. “Mamang Pogi, saan ba dito ang registration?”

Sabay-sabay natahimik ang apat na sundalo sa kanyang entrada. Lahat ay napatingin na tila may kakaiba sa kanya.

Sumagot ang napagtanungan; pogi nga ito, “Enlistment po ba, Ma’am?” tanong ng kawal, correcting Maya’s first blooper.

“Ay, yes. Yes, enlistment pala,” tugon niya, pinagtawanan lamang ang sariling pagkakamali.

Ngumiti ito at tumuro sa isang di-kalayu-ang building. “Doon, Ma’am. Sa building na iyon, *Feliciano Hall*, makikita n’yo ang pila.”

Kaagad niyang napansin ang pagiging magalang ng kawal na ito. Na-challenge tuloy ang values niya. “Thank you,” aniya; magalang din.

Humabol ang lalaki ng isang charming na, “Ma’am, pogi rin ang mamamahala doon mamaya.”

“Talaga, ha?” sagot niya bago karengkeng na tumalikod at tumungo na sa itinurong building.

Mahaba na ang pila nang makarating si Maya sa *Philippine Marines Training Center*. Hindi pa nagsisimula ang palistahan. Dali-dali siyang tumungo sa dulo ng linya bago pa ito humaba at umabot sa labas ng gusali—sa ilalim ng nagsisimula nang tuminding sikat ng araw.

Natigilan siya sa napansin. Tulad ng apat na lalaki sa gate, natahimik din ang mga tao sa pila nang dumating siya.

“Orig ba naman ’yang mga ’yan?” bulong ng isa sa mga kakaunting babae sa pila. At ang tinutukoy nito? Ang kanyang get-up.

All along, akala niya ay simple lang ang kanyang suot: jeans, t-shirt at rubber shoes. Exceptionally ordinary. Huli na nang mapagtanto niyang branded ang lahat ng iyon, kasama ang bitbit na mamahaling handbag sa isang kamay at isang baso ng designer

mocha frappucino sa kabila.

*Oops!* That was blooper number two.

Ilang minuto rin niyang ininda ang mga tanghod at bulungan ng mga tao sa paligid niya hanggang sa, sa wakas, nag-umpisa na ang palistahan. Namahagi ang isang sarhento ng mga enlistment forms na kinolekta rin makaraan ang ilang minuto. Nagsimula nang umandar ang pila.

Hindi nagtagal ay umabot na si Maya sa pangatlo sa linya. Noon siya natigilan. Nakita niya na ang sundalong nakaupo sa harap at nag-i-interview sa mga aplikante ay ang poging sundalong pinagpa-charming-an niya sa gate!

*Oh, boy...* Halos bumulahaw siya ng tawa sa katatawanan ng nangyari. Naramdaman din niya ang bahagyang pangininginig ng mga tuhod niya. Ano ba iyon? Pagkaduwag? *Hindi, ah!*

But, well, there was still time to turn back. Wala sigurong masama kung magiging masaya na lang siyang forever na mabuhay sa sustento ng Ate Mia niya. Or, she could just agree to marry Jeremy and live like a filthy rich housewife!

Wala sa isip na dinukot niya ang cellphone mula sa bitbit na bag upang tawagan si Jeremy.

“Sanchez, Anna Maria!”

“Huh!” She looked up when she heard her name, and saw the soldier’s eyes looking at her. She suddenly felt indecisive, lalo na at napindot na niya ang numero ni Jeremy at nakasagot na ito.

“Maya! What a pleasant surprise!” anito sa kabilang linya.

Inutusan niya ang sarili na mag-isip nang matulin at mamili. Kaninong tawag ang sasagutin niya?

“Sanchez, Anna Maria?” Ang kawal sa kanyang harapan?

“Maya? Are you there?” O ang masugid na manliligaw?

She was supposed to have been decided on this. Inisip niya ang mga naging pagkakamali niya sa buhay. She worried not about how she would face her sister. Anuman ang mangyari, kapatid siya nito at hinding-hindi siya nito pababayaan.

Ang kanyang pinag-aalalahan ay kung paano niya haharapin ang kanyang sarili—bearing this additional failure under her belt. And she was tired of worrying about that.

Noon luminaw ang kanyang pag-iisip. Sa wakas,



pinindot niya ang 'end call' key. "Anna Maria Sanchez, Sir," sagot niya sa sundalo, pilit na itinago ang kabog sa dibdib.

"Maupo ka," anyaya ng lalaki.

Kumilos siya at naupo sa kaharap na silya. Noon niya nakita ang nameplate nito: *Capt. Silva, Angelo R.*

*Yikes! Opisyal pala!*

"Ano'ng maipaglilingkod ko sa inyo, Miss Sanchez?"

Unti-unti nang humihina ang confidence ni Maya sa politeness ng lalaking iyon.

*Bahala na!* "Magpapa-enlist po ako, Sir."

Poker ang expression at neutral ang tono ng boses, sumagot ang kapitan ng isa ring tanong. "Saan?"

*Huh?* "Sa Marines, Sir," tugon niya, pilit na pinipigil lumabas ang... pagkayamot nga ba iyon?

"Bakit?" isa pang tanong nito.

Or intimidation?

"Gusto ko..." Pati articulation niya ay apektado na.

“Gusto mo?” Tumaas ang kilay nito.

“Gusto kong maging Marine.”

“Bakit nga?”

*That’s it!* Nayamot na nga siyang talaga. At wala na rin siyang pakialam kung lumabas ito nang sumagot siya. “I want to serve my country.” Speaking in English made her more comfortable.

Bahagyang napangisi ang kapitan. Tumugon ito, “With all due respect, Miss Sanchez, I don’t think you’re one person whose purpose in life is to serve the country.”

Maya felt her face burning. If there was one thing that could challenge her big time, it was an outright insult—straight to her face.

Huminga siya nang malalim para pakalmahin ang sarili. Aware siyang wala siya sa teritoryo niya. At nakakainis man ang kausap, opisyal pa rin ito.

“With all due respect, Sir, I don’t think you’re the right person to decide what my real purpose in life is. I’m the only one who can do that.”

Kumurap ang kapitan. Surely, nakuha nito ang punto niya. Pero mukhang nais nitong panindigan ang unang sinabi. “I’ve been training Marines long

enough to say that. I can easily tell who has what it takes and who hasn't."

Hindi siya nagpaapekto. "Amazing how you could do that by just one look at my face... Sir."

Bumukas ang bibig ng lalaki, akmang may sasabihin sana pero natigilan ito. Something in what she had said seemed to have done that.

"Please tell me you're not serious," anito.

Hindi niya iyon pinakinggan. "You have no idea what I'm capable of," she told him, her eyes drilling his.

"You won't last one hour in the receiving ceremony."

Hindi pa rin siya tuminag. "Try me."

Nagtitigan sila, kapwa ayaw patalo. Ngunit isa sa kanila ay dapat nang pumigil sa nangyayaring argumento dahil pinapanood na sila ng mga tao sa paligid. Siyempre, si Capt. Silva ang gumawa niyon.

Sumandal ito sa backrest ng silyang inuupuan, ibinalik ang ngising kinayayamutan niya.

"Well... suit yourself." Tumuro ito sa isang kalapit na pinto. "Pumunta ka doon para magupitan."

*Boot Camp Romance - Vivi Hernandez*

---

Natigilan si Maya sa narinig. “Excuse me?”

“Haircut, Miss Sanchez. May problema?”

*Kakapa-rebond ko lang!* “Sir, no, Sir!”

# PROLOGUE

Toxic. Iyon ang naramdaman ni Aiden Silva nang iwan niya ang reception ng Maya Sanchez-Angelo Silva nuptials na ginaganap sa function hall ng *Manila Hotel*.

Lumabas siya sa lanai para makalanghap ng hangin kahit pa sabihing hindi sariwa ang hangin na nanggagaling sa polluted waters ng Manila Bay na nasa gilid ng hotel.

Normally, he liked to be surrounded by people. He liked interaction. Pero sa mga oras na iyon, mas mamatamin siya nang mapag-isa.

Simple lang ang dahilan kung bakit siya tumakas sa reception: iyon ay dahil naikumpara na naman siya sa Kuya Angelo niya. Ayon sa bulung-bulungan, si Angelo ang responsableng anak samantalang siya ay makulit at walang kapormalan.

Ang kapatid ang sumunod sa yapak ng kanilang ama, lolo at mga tiyuhin—sundalo, makabayan, may matatag na trabaho. Samantalang siya ay walang pangarap. Walang long-term plan dahil mas gusto raw niyang contractual lang siya sa trabaho.

It was not like he hated Angelo. On the contrary, he was really looking up to him. Ang hindi lang

niya gusto ay ang pagkukumpara sa kanila. Dahil kahit magkapatid sila ay magkaiba ang kanilang personalidad.

“Nice speech! Muntik na akong maiyak.”

Napalingon siya sa pinanggalingan ng tinig pagkatapos ay napakunot-noo. Nakita niya ang kapatid, matikas ang tindig sa formal soldier uniform na suot nito sa kasal. “Bakit iniwan mo ang mga bisita mo?” tanong niya sa kapatid.

“I just want to check on my little brother.”

Napangiti siya. “I’m taller than you, Big Bro.”

“Still the same old Aiden, huh?” ani Angelo kasabay ng pagsilay ng isang ngiti sa mga labi.

Ano kaya ang ibig nitong sabihin? Irresponsible? Free-spirited? Self-absorbed?

“Don’t you ever, in any circumstance, doubt yourself, Bro,” mayamaya ay sabi nito. “Proud akong maging kuya mo. Alam kong hindi mo masyadong nararamdaman ’yan kasi hindi naman tayo madalas magkasama, pero tandaan mo lang. You’re the best best man a groom could have.”

Bago pa man niya maisapuso ang sinabi nito at maiyak sa lugar na iyon ay iniwan na siya ng kapatid kasabay ng isang mahinang tapik sa kanyang likod.

Kunot-noo niyang sinundan ng tingin ang kuya niya habang iniisip kung ano ang ibig nitong sabihin.

# 1

“Later, Dudes!” ani Aiden nang magpaalam sa mga kainuman niyang Amerikano. Solved na siya sa gabing iyon at hindi na niya kayang dagdagan pa ang kanyang nainom, kaya pinili na niyang iwan ang tropa niya sa crew bar.

Ang crew bar, kung saan sila naroon sa mga oras na iyon ay maihahalintulad sa isang normal bar. May disco lights, bar counter, leather sofas na napapagitnaan ng coffee table.

Kalimitan sa cruise ship crews na pagod sa maghapong trabaho ay roon tumatambay para uminom, mag-unwind at makipagkuwentuhan.

Mayroong hierarchy kahit sa cruise ship. Kalimitan sa matataas na posisyon at malalaking sahod ay napupunta sa mga taong puti ang balat. Filipinos, being Third World people, were in the lower level of the hierarchy.

Gayunpaman, kahit mababa ang nagiging posisyon ng Filipinos sa cruise ship ay malaki pa rin ang suweldo. Kaya kahit gaano kalungkot ay maraming Pinoy ang nakakaisip na tahakin ang

ganoong career path.

Idagdag pang nagagawa nilang mabisita ang mga bansang kasama sa itinerary ng cruise. Sa pagkakataong iyon, Eastern Mediterranean ang voyage nila at ang mga bansang kanilang bibisitahin ay Italy, Croatia, Greece, Malta at Spain.

“So back onboard, Loverboy?”

Napangiti siya nang marinig ang tinig na iyon. Umikot siya paharap dito.

“In the flesh and a changed man,” liyad ang dibdib na sabi niya nang magkaharap sila ng pinsan niyang si JP. He gave him a manly hug.

Close silang magpinsan, dahil noong nag-high school siya ay roon siya tumira sa bahay ng parents nito. Noong nag-college naman ay magkasama sila sa dormitory.

Ito rin ang nagpasok sa kanya sa barko noong wala na siyang magawang matino sa buhay niya. Kaya hayun, isa siyang cruise ship crew, kasama ito.

Although they were very close, they tried to live their lives not hovering at each other. Mayroon itong set of friends sa barko. Mayroon din siyang sarili.

“Ikaw ang nagsabi, Dude,” anito nang maghiwalay



sila, “ang mga tulad natin ay hindi nagbabago.”

“Inumpisahan mo na.”

Bukod sa pagiging close ng dalawang lalaki ay magkapareho sila ng ugali. May pagkababaero, pagkamaloko, malimit ay hindi seryoso sa buhay pero gentleman.

Nagkataon noong makilala ni JP kasalukuyang girlfriend nito ay nagbagong-buhay na ito. Naging one-woman man at hindi na siya sinasamahan sa mga kalokohan.

“Kamusta ang kasal ni Angelo?” pagbabago nito ng usapan, na ang tinutukoy ay ang kuya niya na isang captain sa *Philippine Marines*. “Na-bore ka ba?”

“On the contrary, nag-enjoy ako,” sagot niya.

Natawa ito. “Seryoso?”

“Trust me, nag-enjoy ako. I couldn’t believe it, either,” nakangiti niyang turan. “I mean, naka-mindset ako na ma-bo-bore ako, at gagawa ako ng diversion para maging lively ang reception. But it turned out differently. It only goes to show na nagiging magulo lang ang family gathering kapag nandoon ka. I finally realized na ikaw ang bad influence sa akin, Juan Pablo.”

“Not true. *Ikaw* ang pasimuno ng lahat ng kaguluhan,” natatawang sabi nito. “Anyway, ’yung sister-in-law mo? Kamusta?”

“Rich girl, publishing company heiress,” pagbibigay-impormasyon niya sa pinsan tungkol kay Maya Sanchez na napangasawa ni Angelo. “Pero mabait at kalog.”

“Well, I’m glad you’re back,” ani JP. “Listen, kukuha ako ng ilang beers. Gusto mong maki-hangout sa amin?” anyaya nito na itinuro ang isang sulok kung saan nakapuwesto ang mga kaibigan nito.

Naroon ang mga kababata ni JP na sina Keith, Lia at Addy. Kilala niya ang mga ito, pero hindi niya nakakasama.

“Are you kidding me?” tanong niya sa kausap nang balikan ito ng tingin. “Andoon si Addy. Alam mo namang hindi ako nakakapagsalita kapag kaharap siya.”

“And here you are claiming you’re a changed man.”

Tinawanan lang niya ito. Anyway, wala sa plano niyang magtagal sa crew bar. Gusto lang niyang makita ang familiar sight na iyon dahil ilang buwan din niyang na-miss ang ganoong buhay.

“Una na ako. Napagod ako sa biyahe,” paalam niya.

“Sino ang cabinmate mo?” tanong nito.

“Sa stateroom muna ako.” Wala pa raw mapaglagyan sa kanya ang crew purser nila kaya pansamantala siyang nakadestino sa isang magandang kuwarto na normally ay para sa mga pasahero.

“You lucky bastard!”

“Temporary basis. Might as well enjoy my cabin.”

“I feel you, Dude!”

“O, sige na!” Tinapik niya ang balikat nito pagkatapos ay naglakad palabas ng crew bar.

---

Kinausap si Jessica ng crew purser ng barko upang ipaalam sa kanya na magkakaroon na siya ng kasama sa silid, much to her dismay. Nasanay na kasi siyang mag-isa lang sa loob ng cabin. At kung maaari sana ay nais niyang manatili siya sa ganoong sitwasyon. Pero hindi puwede. Wala siya sa supervisory position para magsolo sa isang cabin.

Pagkatapos, may isang malaking catch pa sa pagbabago ng kanyang sitwasyon, dahil ang

makakasama niya ay isang lalaki.

Ang kaso ng boy-girl cabinmates ay hindi unusual. Pero sinusubukan ng purser nilang i-minimize ang ganoong set-up. Dahil nga malungkot ang buhay sa barko, minsan ay hindi maiwasan ng mga crews na mahulog ang loob sa kasama sa trabaho, lalo na sa kasama sa kuwarto.

Noong una, hindi siya komportable sa ideya na lalaki ang magiging cabinmate niya. Pero wala nga siyang karapatang magreklamo; madaling solusyunan ang privacy issue. Mayroong kurtina ang bunk bed nila. Madaling hilahin iyon upang hindi na sila magkakakitaan sa pagtulog.

Patapos nang magligpit ng cabin si Jessica nang dumating ang cabinmate na inaasahan niya.

“Knock! Knock!” anang boses habang binubuksan nito ang pinto ng cabin. When it opened entirely, she saw one of the best-looking crew onboard.

“Come in!” she said nonchalantly as she tried to ignore that initial physical attraction.

“Thanks.” Hinila nito ang mga maletang dala papasok sa makipot nilang cabin. “Jessica, right?”

Tumango siya. “Aiden?”

*Love On A Cruise Ship - Lorry Virgo*

---

Kahit magkatrabaho sila at nagkakasalubong sa hallway ng barko ay hindi sila nagkakilala nang pormal. Actually, wala talaga siyang kakilala nang personal sa barko dahil hindi niya ugaling makipagkaibigan. Tulad nga ng sabi ng karamihan, isa siyang loner.

“Kailangan mo ng tulong?” tanong niya kay Aiden na ang tinutukoy ay ang paghila nito sa maleta.

“No, thank you,” sagot nitong nakangiti.

“Pinili ko ang itaas ng bunk bed,” aniya.

“No problem.” He smiled.

“Inayos ko na rin ’yung cabinet. Sa iyo iyong kanan, akin ’yung kaliwa.”

“Okay,” simpleng sabi nito. Inihagis nito ang knapsack sa kama at hinila ang maleta, sabay naupo. “Okay lang ba sa iyo itong set-up natin?”

Isang kibit-balikat ang naging sagot niya sa tanong nito. Alangan namang sabihin niyang hindi.

---

Elegant. Iyon ang isang salita na maglalarawan sa main dining room ng barko. It was stunning with a white and crème theme. Mayroong malaking

chandelier sa gitna ng dining hall and white crystalline drapes to break up the space.

There were crème mantelpiece on each table and elegant chippendale chairs that surround them.

Sina Aiden at JP ay parehong waiter sa main dining hall. Kasama sila sa traditional wait staff na ang ibig sabihin ay mayroon silang isang partikular na grupo na pagsisilbihan sa duration ng cruise na iyon.

Isang paraan ang traditional dining para mas maging close at bonded ang mga pasahero sa grupo na kasama sa pagkain, pati na rin sa waiter na handang magserbisyo sa kanila.

Nag-se-set pa lang sila ng table at dahil magkatabi lang ang mga mesa nila ay nagagawa nilang magkuwentuhan nang mahina.

“Ito ang bagay na hindi ko na-miss noong nagbakasyon ako,” mahinang reklamo ni Aiden sa pinsan habang inilalagay ang clear glass flower vase na mayroong assorted tulips.

“Ano ang mga na-miss mo?”

Alam niyang may bahid ng kalokohan ang tanong ni JP, kaya maloko rin ang naging sagot niya. “The three B’s, Dude.” Ang ibig niyang sabihin ay *Babes*,

*Beers and Body.*

“Speaking of three B’s,” anito nang may maalala, “dalawa doon ay mayroon ang cabinmate mo. Si Jessica? She is a *babe*, with a great *body*.”

Saglit siyang tumigil sa ginagawa at inisip ang sinabi nito. True! Jessica had a great figure. Sigurado siyang ilang lalaking crews ang naiinggit sa sitwasyon niya ngayon.

“Kamusta naman siya?” seryoso ito sa tanong.

“Ako nga dapat ang magtanong dahil ako ang bagong sampa dito, di ba?”

Kahit kilala niya si Jessica sa pangalan, hindi sila nagkasama nang matagal sa barko kasi dalawang buwan pagdating nito ay nagbakasyon na siya.

Kailangan niyang humingi ng information kay JP tungkol sa bago niyang cabinmate para alam niya kung paano ito pakikitunguhan. Hindi pa kasi siya nakaka-experience na magkaroon ng kasama sa cabin na isang babae. Kaya kung awkward para kay Jessica na kasama siya, ganoon din ang pakiramdam niya.

“Nakapag-usap na ba kayo?” tanong ng pinsan niya.

“Kagabi. Pero hindi kami nagkuwentuhan.”

“Let me know when you get to know her, okay?”

Na-curious siya sa naging reaksyon nito. Kilala niya ang pinsan. JP had this knack of knowing when girls were keeping some deep, dark secrets or when the girls needed saving from the world.

“Mayroon kang gustong i-share sa akin?” untag niya. “Tungkol kay Jessica?”

“Wala.” Umiling ito at hindi tumingin sa kanya.

“Come on, JP,” pangungulit niya. “Kung may alam ka, i-share mo dahil ako ang kasama niya sa cabin. Malay ko kung bigla na lang siyang nagiging bayolente kapag tulog.”

Nagdalawang-isip ito kung sasagutin siya, sa bandang huli ay bumuntong-hininga ito.

“Mayroon kasing hindi magandang reputasyon si Jessica. Hindi siya friendly sa mga Pinoy. ’Tapos, dalawang ’Kano na ang nagiging boyfriends niya.”

“Not unusual,” he said. “She has this killer body that white people usually fantasized.”

“It’s not like that. Iba ang dating ng naririnig ko.”

Kumunot ang kanyang noo. Tama nga yata siya na umaatake ang pagiging knight-in-shining-armor



ng pinsan. “So, gusto mong tulungan siya? Hanapin kung sa paanong paraan mo mapapabuti ang buhay niya? Sagipin siya sa kung anumang problema ang kinakaharap niya?”

“Hindi!” Tumingin ito sa kanya nang makahulugan.

“Bakit? Natatakot ka?” May reputasyon si JP na kung sino ang tulungan nito, kung sino ang maging damsel in distress nito ay nagiging girlfriend nito. At kung matatag ang relasyon nito sa nobya, bakit hindi nito tulungan si Jessica kung nararamdaman nitong may problema ito sa buhay? “Akala ko ba solid as a rock kayo ni Ava?”

“True, solid as a rock kami. At kung tulungan ko man si Jessica, hanggang sa pagtulong na lang iyon.”

“So, bakit hindi mo gawin?” argumento niya. “Hindi ba iyon ang hobby mo? Ang makialam sa buhay ng ibang tao?”

“Dude, ikaw ang may access. Ikaw ang dapat tumulong, hindi ako.”

---

Pagkatapos ng isang araw na trabaho ay muling binisita ni Aiden ang crew bar. Gusto lang niyang mag-unwind sandali, pero tila wala siya sa mood.

*Love On A Cruise Ship - Lorry Virgo*

---

Hindi niya maintindihan kung bakit bigla na lamang niyang naisip ang kanyang pamilya.

Ang pakiramdam niya noong kasama niya ang kanyang pamilya ay naghihintay lang ang mga ito ng gagawin niyang kalokohan. Naroon ang feeling na kailangan niyang parating ipakita ang best niya.

It was draining. He could not always prove himself to be a perfect creature. Because honestly, he was not.

But come to think of it, ni minsan hindi siya pinuwersa ng pamilya niya na maging sundalo. Hindi rin siya pinilit na maging isang successful na tao. Lahat ng gusto niya ay suportado ng mga ito. He had a loving family yet he felt like he failed every single one of them.

Again, his family never made him feel left out and unloved. Siya lang ang nakakaramdam niyon. For some reasons, mas nakaka-guilty na sinusupportahan siya ng pamilya niya na gawin ang gusto niya.

Walang sabi-sabing napatayo siya sa upuan na ipinagtaka ng mga kasama niyang umiinom. Ayaw niyang ipahalata sa mga ito na wala siya sa mood makipag-bonding kaya babalik na lang siya sa cabin para matulog.

“Off so soon, Loverboy?” sabi ng isang Portuguese entertainer na madalas niyang kabiruan.

“Way past my bedtime, Gorgeous,” malambing na sagot niya pagkatapos ay nagpaalam na siya sa mga kaibigang nasa mesa.

Hindi na siya pinilit ng mga ito na mag-inom, kaya dere-derecho siyang lumabas ng crew bar at tinahak ang daan patungo sa kanyang cabin.

Tulog na si Jessica nang pumasok siya sa loob ng cabin, gayunpaman ay naiwan nitong bukas ang lampshade. Kalahati sa kurtina ng kama nito ay bukas pa, kaya malamang ay nakatulog ito nang hindi nito namamalayan.

Bigla ay bumalik sa isip niya ang pinag-usapan nila ni JP. Na-realize niyang hindi ito ang tipo na nakikipag-hang out sa mga kasama sa trabaho. Kahit nagkakasayahan ang mga tao sa crew bar ay hindi ito nagpupunta roon.

Was JP right when he pointed out that Jessica had some issues with other people? Pakialam ba niya. Siya nga ay may issue rin sa sariling pamilya.

Kukuha na sana siya ng damit sa cabinet nang mapansin ang isang larawan na nakadikit sa dingding malapit sa ulunan ng higuan ni Jessica. Inatake siya

*Love On A Cruise Ship - Lorry Virgo*

---

ng pagiging tsismoso, kaya dumukwang siya para tingnan iyon. Picture ng iyon ng dalaga na may kayakap na bata na hula niya ay around seven or eight years old.

Iyon marahil ang nababalitaan niyang anak ni Jessica.

*Naka naman, Aiden,* aniya sa sarili. Matutulog na lang siya ay nakikichismis pa siya sa buhay ng ibang tao.